

ANG DEKLARASYON NG UN SA MGA KARAPATAN NG MGA KATUTUBO

Ang Pangkalahatang Kapulungan,

Pinapatnubayan ng hangarin at prinsipyo ng Charter ng United Nations, at mabuting paagtitiwala sa pagpapatupad ng mga obligasyong inako ng mga Estado kaalinsunod sa Charter,

Naninindigan na ang mga katutubo ay kapantay ng lahat ng tao, bagaman kinikilala ang karapatan na pagkakaiba ng lahat ng tao, pagsasaalang-alang sa pagkakaiba, at paggalang sa kakanyahan,

Naninindigan din na ang lahat ng tao ay nakapag-aambag sa pagkakaiba-iba at kayaman ng sibilisasyon at kultura, kung saan ay nakakaambag sa kabuuan ng pamana ng sangkatauhan,

Naninindigan din na ang lahat ng mga paniniwala, panununtunan at kagawian o itinataguyod na kahusayan ng tao o indibidwal batay sa pinagmulang bansa, lahi, relihiyon, katutubo o pagkakaiba ng kultura ay rasismo, walang siyentipikong batayan, walang ligal na pinagbabatayan, kasuklamsuklam at hindi makatarungan,

Masidhing pinaninindigan na ang mga katutubo, sa pagsasagawa ng kanilang karapatan, ay karapat-dapat na maging malaya sa anumang diskriminasyon,

Nababahala na ang mga katutubo ay nagdurusa ng walang katarungan sa mahabang panahon sanhi ng kolonisasyon at pag-agaw sa kanilang mga lupain, nasasakupan at likas na yaman, na nagiging hadlang upang maisagawa, sa partikular, ang kanilang karapatang umunlad ayon sa kanilang mga pangangailangan at kapakanan,

Kinikilala ang kagyat na pangangailangan na galangin at itaguyod ang likas na karapatan ng mga katutubo na nagmula sa kanilang pulitika, ekonomiya at panlipunang estruktura at kultura, espiritwal na tradisyon, kasaysayan at pilosopiya, lalo na ang karapatan sa kanilang mga lupain, nasasakupan at likas-yaman.

Katulad rin na pagkilala sa kagyat na pangangailangan na galangin at itaguyod ang karapatan ng mga katutubo na pinagtitiyay ng mga tratado, mga kasunduan at iba pang makatatulong na balakin ng mga Estado,

Malugod na tinatanggap ang katotohanan na ang mga katutubo ay nagoorganisa ng kanilang mga sarili para sa kanilang pulitikal, ekonomiya, sosyal at kultural na pagpapaunlad upang tapusin ang anumang uri ng diskriminasyon at panggigipit sa alinmang pagkakataon,

Sinasang-ayunan na ang pamamahala ng mga katutubo hinggil sa pag-unlad na makakaapekto sa kanila at kanilang mga lupain, nasasakupan at likas-yaman ay makakatulong sa pagpapanatili at pagpapatatag ng kanilang mga institusyon, kultura at tradisyon, at upang maitaguyod ang kanilang pag-unlad na naaayon sa kanilang mga adhikain at pangangailangan,

Kinikilala rin na ang paggalang sa katutubong kaalaman, kultura at tradisyonal na gawain ay

nakatutulong sa tuloy-tuloy at makatarungang pagpapaunlad at angkop na pangangasiwa ng kalikasan,

Binibigyan-diin ang kontribusyon ng walang militarisasyon sa mga lupain at nasasakupan ng mga katutubo sa kapayapaan, ekonomiya at panlipunang pagsulong at pag-unlad, pag-unawa at maayos na ugnayan sa pagitang ng mga bansa at lahat ng mga tao sa mundo,

Partikular na kinikilala ang karapatan ng mga katutubong pamilya at komunidad sa pagpapanatili ng pinagsamang tungkulin sa paggabay, pagsasanay, edukasyon at kagalingan ng kanilang mga anak, alinsunod sa karapatan ng mga bata,

Pagsasaalang-alang na ang mga karapatang pinagtitiyay ng mga tratado, mga kasunduan at iba pang makatutulong na balakin sa pagitan ng mga bansa at mga katutubo ay, sa ibang pagkakataon, mga bagay na may pananagutan, interest, tungkulin at karakter na panginternasyonal,

Isinasaalang-alang din na ang mga tratado, mga kasunduan at iba pang makatutulong na balakin, at ang ugnayan na kinakatawan nito, ay mga batayan ng matibay na pakikipagtulungan sa pagitan ng mga katutubo at mga Estado,

Kinikilala na ang Charter ng United Nations, ang International Convention on Economic, Social and Cultural Rights, at International Covenant on Civil and Political Rights¹ at ang International Covenant on Civil and Political Rights at pati na rin ang Vienna Declaration at Programme of Action,² ay nagpapatibay sa pangunahing kahalagahan ng karapatan ng sariling pagpapasya ng lahat ng mga tao, at sa pamamagitan nito, ay malaya nilang matutukoy ang kanilang pampulitikang katayuan at malayang maisasagawa ang kanilang pang-ekonomiya, panlipunan at kultural na pag-unlad,

Isinasadiwa na walang nakasaad sa Deklarasyong ito na maaaring gamitin upang ipagkaila sa mga tao, and kanilang karapatan sa sariling pagpapasya, isinagawa ng naaayon sa batas-internasyonal,

Sinasang-ayunan na ang pagkilala sa karapatan ng mga katutubo na napapaloob sa Deklarasyong ito ay magpapatibay sa maayos na pakikipagtulungan sa pagitan ng Estado at ng mga katutubo, batay sa prinsipyo ng katarungan, demokrasya, paggalang sa karapatang pantao, walang diskriminasyon at mabuting pagtitiwala,

Hinihikayat ang mga Estado na tupdin at epektibong ipatupad ang lahat ng kanilang mga tungkulin kaugnay sa mga katutubo na nakabatay sa mga internasyonal na instrumento, lalo na ang may kinalaman sa karapatang pantao, na may pagsangguni at pakikipagtulungan sa mga taong kinauukulan,

Binibigyan-diin na ang United Nations ay may mahalaga at tuloy-tuloy na tungkulin na dapat gampanan sa pagsusulong at pangangalaga sa mga karapatan ng mga katutubo,

Naniniwala na ang Deklarasyong ito ay isang mahalaga hakbang pasulong tungo sa pagkilala, pagpapalaganap at pangangalaga sa mga karapatan at kalayaan ng mga katutubo at sa pagsasagawa ng mga mahahalagang gawain ng sistemang United Nations sa larangang ito,

Kinikilala at pinagtitiyay na ang mga katutubong indibidwal ay may karapatan ng walang diskriminasyon sa lahat ng karapatang pantao na kinikilala ng batas internasyonal, at ang mga katutubo ay may angking kolektibong karapatan na mahalaga para sa kanilang pamumuhay,

kagalingan at kinakailangang pag-unlad bilang mga tao,

Kinikilala din na ang kalagayan ng mga katutubo ay nagkakaiba-iba sa bawat rehiyon at bansa at ang kahalagahan ng pambansa at rehiyonal na partikularidad at ibat-ibang istorikal at pangkultural na karanasan ay dapat kilalanin,

Pormal na ipinahahayag ang sumusunod na Deklarasyon ng United Nations sa mga Karapatan ng mga Katutubo bilang isang pamantayan ng tagumpay na kailangang matamo upang maisulong ang tunay na pakikipagtulungan at pantay na paggalang.

Artikulo 1

Ang mga katutubo ay may karapatang matamasa, bilang kolektibo o indibidwal, ang lahat ng mga karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan na kinikilala sa Charter ng United Nations, Universal Declaration of Human Rights³ at mga batas-interasyonal na karapatang pantao.

Artikulo 2

Ang mga katutubo at mga indibidwal ay malaya at pantay sa lahat ng ibang mga tao at mga indibidwal at may karapatan na maging malaya sa anumang uri ng diskriminasyon, sa pagsasagawa ng kanilang mga karapatan, lalo na yaong mga nakabatay sa kanilang katutubong pinagmula at pagkakakilanlan.

Artikulo 3

Ang mga katutubo ay may karapatan ng sariling pagpapasya. Sa pamamagitan ng karapatang ito sila ay malayang nagtatakda ng kanilang estadong pampulitika at malayang naisusulong ang pang-ekonomiya, panlipunan at kultural na pag-unlad.

Artikulo 4

Ang mga katutubo, sa pagsasagawa ng kanilang karapatang ng sariling pagpapasya, ay may karapatan sa otonomiya o sariling pamamahala sa mga bagay hinggil sa kanilang panloob at lokal na usapin, kabilang dito ang pamamaraan at hakbang kung papaano mapipinansyahan ang kanilang mga pangangailangang pang-otonomiya.

Artikulo 5

Ang mga katutubo ang may karapatan na panatilihin at palakasin ang kanilang natatanging pulitikal, ligal, ekonomiya, panlipunan at kultural na mga institusyon, kasabay ng karapatang maging bahagi, kung kanilang nanaisin, sa pampulitika, ekonomiya, panipunan at kultural na buhay ng Estado.

Artikulo 6

Ang bawat isang katutubo ay may karapatan sa nasyonalidad.

Artikulo 7

1. Ang bawat isang katutubo ay may mga karapatan na mabuhay, pisikal at mental na integridad, kalayaan at katiyakang pansarili.

2. Ang mga katutubo ay may karapatan na kolektibong mamuhay ng malaya, tahimik at ligtas bilang mga natatanging tao at hindi dapat isailalim sa anumang paglipol o anumang marahas na hakbang, kabilang na ang sapilitang paghihiwalay sa mga anak ng isang grupo papunta sa ibang grupo.

Artikulo 8

1. Ang mga katutubo at mga indibidwal ay may karapatan na hindi maisailalim sa sapilitang asimilasyon o pagkasira ng kanilang kultura.

2. Ang mga Estado ay kailangang magbigay ng mabisang pamamaraan upang mapigilan o maiwasto ang mga sumusunod:

(a) Anumang aksyon na may layunin o epektong pagbawi sa kanilang integridad bilang natatanging tao, o sa kanilang kultural na pahalaga o katutubong pagkakakilanlan;

(b) Anumang aksyon na may layunin o epekto na agawin ang kanilang lupain, nasasakupan o yaman;

(c) Anumang anyo ng sapilitang paglipat ng populasyon na may hangarin o bisa na labagin o pahinain ang kanilang ano mang karapatan;

(d) Anumang uri ng sapilitang asimilasyon o integrasyon;

(e) Anumang uri ng propaganda na may hangarin na palaganapin o udyukan ang panlahi o etnikong diskriminasyon na nakapatungo laban sa kanila.

Artikulo 9

Ang mga katutubo at indibidwal ay may karapatan na mapabilang sa isang katutubong komunidad o bansa, na naaayon sa kanilang mga tradisyon at mga kaugalian ng komunidad o bansang kinuukulan. Walang anumang uri ng diskriminasyon na maaring maganap sa pagsasagawa ng ganitong karapatan.

Artikulo 10

Ang mga katutubo ay hindi maaari na sapilitang paaalisin sa kanilang mga lupain o nasasakupan. Walang paglikas na maaaring isagawa kung walang malaya, nauuna at napaalamang pagsang-ayon ng mga katutubong kinauukulan at matapos ang kasunduan sa pagbibigay ng naaayon at makatarungang kabayaran, at kung ito ay nauukol, may karapatang makababalik.

Artikulo 11

1. Ang mga katutubo ay may karapatan na isagawa o patingkarin ang kanilang mga pangkultural na tradisyon at kaugalian. Kabilang dito ang mga karapatan na mapanatili, mapangalagaan at mapaunlad ang mga nagdaan, kasalukuyan at hinaharap na mga manipestasyon ng kanilang mga kultura, katulad ng mga arkyolohikal, makasaysayang pook, artefacts, disenyo, seremonya, teknolohiya, at biswal at performing arts at literatura.

2. Ang mga Estado ay dapat magtakda ng pagwawasto sa pamamagitan ng mga epektibong

pamamaraan, na binuo katuwang ang mga katutubo, kabilang na ang pagpapabalik kaugnay sa kanilang kultural, kaalaman, relihiyon at espiritwal na pag-aari na kinuha ng walang malaya, nauuna at napaalamang pagsang-ayon o paglabag sa kanilang batas, tradisyon at kaugalian.

Artikulo 12

1. Ang mga katutubo ay may karapatan na ipakita, isagawa, paunlarin at ituro ang kanilang espiritwal at katutubong relihiyon, mga kaugalian at mga seremonya; may karapatang panatilihin, pangalagaan at pribadong makapapasok sa kanilang mga banal at pangkultural na mga pook; may karapatan na gamitin at pamahalaan ang kanilang mga bagay-pangseremonya; at karapatan na maibalik ang mga labi ng kanilang mga yumao.

2. Ang mga Estado ay maghahanap ng paraan upang makuha at/o maibalik ang mga bagay-pangseremonya at labi ng yumao na nasa kanilang pag-aari sa pamamagitan ng isang patas, maayos at mabisang pamamaraan, na binuo katuwang ang mga kinauukulang katutubo.

Artikulo 13

1. Ang mga katutubo ay may karapatan na pasiglahin, gamitin, paunlarin at ipasa sa susunod na henerasyon ang kanilang mga kasaysayan, wika, oral na tradisyon, pilosopiya, sistema ng pagsulat at literatura, at itakda at panatalilihin ang kanilang mga sariling pangalan ng mga komunidad, lugar at tao.

2. Ang mga Estado ay magsasagawa ng mabisang hakbang upang matiyak na mapangalagaan ang karapatang ito at masiguro na mauunawaan ng mga katutubo at mauunawaan din sila sa mga pulitikal, legal at administratibong hakbang, at kung kinakailangan sa pamamagitan ng pagtatalaga ng tagapaliwanag o iba pang naaangkop na pamamaraan.

Artikulo 14

1. Ang mga katutubo ay may karapatan na magtatag at mamahala ng kanilang sistema ng edukasyon at institusyong nagbibigay ng edukasyon sa sariling wika, sa pamamaraang naaangkop sa kanilang kultural na pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto.

2. Ang mga indibidwal na katutubo, lalo na ang mga bata, ay may karapatan sa lahat ng antas at porma ng edukasyong ipinagkakaloob ng Estado ng walang diskriminasyon.

3. Ang mga Estado ay magsasagawa ng isang mabisang hakbang, katuwang ang mga katutubo, upang ang bawat indibidwal na katutubo, lalo na ang mga bata, kabilang ang mga naninirahan sa labas ng komunidad, ay makakuha, kung kinakailangan, ng edukasyon batay sa kanilang sariling kultura at sa kanilang sariling wika.

Artikulo 15

1. Ang mga katutubo ay may karapatan na ikarantal ang pagkakaiba-iba ng kanilang mga kultura, tradisyon, kasaysayan at adhikain na angkop na isinasalarawan sa edukasyon at pampublikong impormasyon.

2. Ang mga Estado ay magsasagawa ng mga mabisang pamamaraan, na may konsultasyon at kooperasyon ng mga kinauukulang katutubo, upang bakahin ang mapinsalang palagay at maalis ang

diskriminasyon at mapatingkad ang pagpaparaya, pang-unawa at maayos na ugnayan ng mga katutubo at iba pang bahagi ng lipunan.

Artikulo 16

1. Ang mga katutubo ay may karapatan na magtayo ng sariling media sa sariling wika at magkaroon ng pagkakataon na makapasok sa lahat ng media na di pagaari ng mga katutubo ng walang diskriminasyon.

2. Ang mga Estado ay magsasagawa ng mabisang hakbang upang matiyak na ang media na pagaari ng Estado ay dapat magsalarawan ng pagkakaiba-iba ng katutubong kultura. Titiyakin ng mga Estado, na may pagsasaalangalang sa buong kalagayan sa pagpapahayag, na hikayatin ang mga mediang pampribado na hustong isalarawan ang pagkakaiba-iba ng katutubong kultura

Artikulo 17

1. Ang bawat indibidwal na katutubo at tao ay may karapatan na matamasa ang lahat ng karapatang itinatadhana sa ilalim ng naangkop na batas- internasyonal at lokal na batas sa paggawa.

2. Sa pakikipagsangguni at kooperasyon ng mga katutubo, ang mga Estado ay magsasagawa ng partikular na hakbang upang pangalagaan ng mga batang katutubo sa eksploytasyong pang-ekonomiya at paggawa ng anumang mapanganib na gawain o makakagambala sa pag-aaral ng bata, o anumang mapanganib sa kalusugan o pisikal, mental, espiritwal, moral o panlipunang pag-unlad, isinasaalang-alang ang kanilang espesyal na pangangailangan at ang kahalagahan ng edukasyon sa pag-unlad/empowerment.

3. Ang mga katutubong indibidwal ay may karapatan na maging ligtas sa anumang mga itinatanging kondisyon ng paggawa, at iba pang kaugnay nito, sa trabaho o pasahod.

Artikulo 18

Ang mga katutubo ay may karapatan na makilahok sa pagsasagawa ng desisyon sa mga bagay na makakaapekto sa kanilang mga karapatan, sa pamamagitan ng kinatawang pinili nila ayon sa kanilang pamamaraan, kabilang na ang pananatili at pagpapaunlad sa kanilang katutubong institusyon na pamamaraan ng paggawa ng desisyon.

Artikulo 19

Ang mga Estado ay makikipagsangguni at makikipagtulungan sa mga kinauukulang katutubo sa pamamagitan ng kanilang kumakatawan na institusyon upang makuha ang kanilang malaya, nauuna at napaalamang pagsang-ayon bago tanggapin at ipatupad ang lehislatibo o administrabong panuntunan na makakaapekto sa kanila.

Artikulo 20

1. Ang mga katutubo ay may karapatan na panatilihin at paunlarin ang kanilang mga pampolitika, ekonomiya at sistemang panlipunan o institusyon, upang matiyak nilang matatamasa ang sariling pamamaraan ng ikinabubuhay at pagpapaunlad at malayang maisagawa ang lahat ng kanilang tradisyonal at iba pang pang-ekonomiyang gawain.

2. Ang mga katutubon na binawian ng kanilang sariling pamamaraan ng ikinabubuhay at pagpapaunlad ay may karapatan sa patas at angkop na pagwawasto.

Artikulo 21

1. Ang mga katutubo ay may karapatan, ng walang diskriminasyon, sa pagpapaunlad ng kanilang pang-ekonomiya at kalagayang sosyal, kabilang ang iba pang kaugnay nito, sa larangan ng edukasyon, trabaho, bokasyonal na pagsasanay at muling pagsasanay, pabahay, sanitasyon, kalusugan at panlipunang katiyakan.

2. Ang mga Estado ay magsasagawa ng mabisang hakbang, at kung naaangkop, ng mga espesyal na hakbang upang matiyak ang patuloy na pagpapaunlad ng kanilang mga ekonomiya at kalagayang panlipunan. Partikular na bibigyan ng pansin ang karapatan at espesyal na pangangailangan ng mga matatandang katutubo, kababaihan, kabataan, bata at may mga kapansanan.

Artikulo 22

1. Partikular na bibigyan ng pansin ang mga karapatan at espesyal na pangangailangan ng mga matatandang katutubo, kababaihan, kabataan, bata at may mga kapansanan sa pagpapatupad ng Deklarasyong ito.

2. Ang mga Estado ay magsasagawa ng mga hakbang, katuwang ng mga katutubo, upang matiyak na makakamit ng mga katutubong kababaihan at bata ang buong pangangalaga at katiyakan laban sa anumang uri ng dahas at diskriminasyon.

Artikulo 23

Ang mga katutubo ay may karapatan na magpasya at bumuo ng mga prayoridad at estratehiya sa pagsasagawa ng kanilang karapatan sa pagpapaunlad. Sa partikular, ang mga katutubo ay may karapatan na aktibong makibahagi sa paglikha at pagpapasya sa pangkalusugan, pabahay at iba pang pang-ekonomiya at panlipunang programa na may kinalaman sa kanila, at kung maaari, ay pangasiwaan ang mga programa sa pamamagitan ng kanilang sariling institusyon.

Artikulo 24

1. Ang mga katutubo ay may karapatan sa kanilang tradisyonal na gamot at mapanatili ang tradisyonal na pamamaraan ng paggamot, kabilang na ang pangangalaga sa kanilang mahahalagang halamang gamot, hayop at mga mineral. Ang bawat katutubo ay mayroon ding karapatan na makakuha, ng walang diskriminasyon, sa lahat ng serbisyong panlipunan at kalusugan.

2. Ang bawat isang katutubo ay may pantay na karapatan na makamit ang pinakamataas na maaaring maabot na antas ng pisikal at mental na kalusugan. Ang mga Estado ay magsasagawa ng nararapat na hakbang sa hangaring papaunlad na makamit ang kaganapan ng karapatang ito.

Artikulo 25

Ang mga katutubo ay may karapatan na mapanatili at mapalakas ang kanilang natatanging ugnayang espiritwal sa kanilang tradisyonal na pag-aari o inuukupahan at ginagamit na mga lupain, nasasakupan, tubig at baybaying dagat at iba pang likas na yaman upang mapatibay ang kanilang

tungkulin sa susunod na salin-lahi na nauukol rito.

Artikulo 26

1. Ang mga katutubo ay may karapatan sa kanilang mga lupain, nasasakupan at likas na yaman na tradisyonal nilang pag-aari, inuukupahan, ginagamit o naangkin.

2. Ang mga katutubo ay may karapatang magmay-ari, gumamit, mapaunlad at mapamahalaan ang kanilang mga lupain, nasasakupan at likas na yaman na inaangkin sa pamamagitan ng tradisyonal na sistema ng pag-aari o iba pang tradisyonal na pag-uukupa o paggamit, kabilang na ang kanilang mga naangkin o nabili.

3. Ang mga Estado ay magkakaloob ng legal na pagkilala at pangangalaga sa mga lupaing ito, nasasakupan at likas-yaman. Ang pagkilalang ito ay dapat isagawa na may paggalang sa kaugalian, tradisyon at sistema ng pagmamay-ari ng mga kinauukulang katutubo.

Artikulo 27

Ang mga Estado ay dapat na magsagawa at ipatupad, katuwang ng mga katutubong kasangkot, ang patas, malaya, walang kinikilingan, bukas at maliwanag na proseso, na nagbibigay ng angkop na pagkilala sa batas ng mga katutubo, tradisyon, kaugalian at sistema ng pagmamay-ari sa lupain, upang kilalanin at pagpasyahan ang karapatan ng mga katutubo na nauukol sa kanilang lupain, nasasakupan at likas na yaman, kabilang ang mga tradisyonal na pag-aari o inuukupahan o ginagamit. Ang mga katutubo ay may karapatan na makilahok sa prosesong ito.

Artikulo 28

1. Ang mga katutubo ay may karapatan sa pagwawasto, sa pamamagitan na kasama ang pagpapanumbalik, o kung ito ay hindi na maaring isagawa, sa makatarungan, patas at angkop na kabayaran, sa kanilang mga lupain, nasasakupan at lakas na yaman na tradisyonal nilang pagmamay-ari o inuukupahan o ginagamit, na kung saan ay sapilitang inagaw, kinuha, inukupahan, ginamit o sinira ng walang malaya, nauuna at napaalamang pagsang-ayon.

2. Maliban lamang kung ito ay malayang napagkasunduan ng mga taong kasangkot, ang kabayaran ay dapat isagawa sa porma ng mga lupain, nasasakupan at likas-yaman na katulad ng uri, laki at legal na katayuan o salapi o iba pang naaangkop na kabayaran.

Artikulo 29

1. Ang mga katutubo ay may karapatan na pangalagaan at proteksyonan ang kanilang kapaligiran at kapasidad sa produksyon ng kanilang mga lupain o nasasakupan at likas-yaman. Ang mga Estado ay magsasagawa at magpapatupad ng mga programang tutulong sa mga katutubo sa ganitong pangangalaga at proteksyon, ng walang diskriminasyon.

2. Ang mga Estado ay magsasagawa ng mabisang hakbang upang matiyak na walang magaganap na pag-iimbak o pagtatapon ng mga mapanganib na bagay sa mga lupain o nasasakupan ng mga katutubo ng walang malaya, nauuna at napaalamang pagsang-ayon.

3. Ang mga Estado ay magsasagawa ng mga mabisang hakbang upang matiyak, kung kinakailangan, na ang mga programang magmomonitor, magpapanatili, at magpapanumbalik sa kalusugan ng mga katutubo, na bubuuin at ipatutupad ng mga taong naapektuhan ng nabanggit na

materyal, ay karampatang napapatupad.

Artikulo 30

1. Walang gawaing militar na maaaring ipatupad sa mga lupain o nasasakupan ng mga katutubo, maliban lamang kung ito ay may batayang kinauukulang pampublikong interes o kung ito ay malayang napagkasunduan o hiniling ng mga kinauukulang katutubo.

2. Ang mga Estado ay magsasagawa ng mabisang konsultasyon sa mga kinauukulang katutubo, sa pamamagitan ng angkop na pamamaraan at sa partikular sa kanilang mga institusyong kumakatawan, bago gamitin ang kanilang lupain o nasasakupan sa gawaing militar.

Artikulo 31

1. Ang mga katutubo ay may karapatang panatilihin, pamahalaan, pangalagaan at paunlarin ang pamana ng kanilang lahi, tradisyonal na kaalaman at tradisyonal na kultural na pagpapahayag, kabilang ang mga manipestasyon ng kanilang mga agham, teknolohiya at kultura, kabilang rito ang pantao at henetikong kayamanan, binhi, gamot, kaalaman sa mga katangian ng mga hayop at halaman, oral na tradisyon, literatura, disenyo, palakasan at tradisyonal na laro, biswal at performing arts. Mayroon din silang karapatan na panatilihin, pamahalaan, pangalagaan, at paunlarin ang kanilang pag-aaring kaalaman sa mga pamana ng lahi na kultural, tradisyonal na kaalaman, at mga tradisyonal na pangkultural na pagpapahayag.

2. Katuwang ang mga katutubo, ang mga Estado ay magsasagawa ng mabisang hakbang sa pagkilala at pangangalaga sa katuparan ng nabanggit na karapatan.

Artikulo 32

1. Ang mga katutubo ay may karapatan na magtakda at bumuo ng mga prayoridad at estratehiya sa pagpapaunlad o paggamit ng kanilang mga lupain o nasasakupan at iba pang likas-yaman.

2. Isasangguni ng mga Estado at maayos na makikipagtulungan sa mga kinauukulang katutubo sa pamamagitan ng kanilang sariling mga institusyon na kumakatawan upang makuha ang kanilang malaya, nauuna at napaalamang pagsang-ayon bago mabigyan ng pahintulot ang anumang proyekto na makakaapekto sa kanilang mga lupain o nasasakupan at iba pang likas-yaman, lalo na ang mga may kinalaman sa pagpapaunlad, paggamit o eksploytasyon ng mineral, tubig at iba pang likas-yaman.

3. Ang mga Estado ay magtatakda ng mga mabisang pamamaraan para sa makatarungan at naaangkop na kabayaran sa anumang katulad na gawain, at magsasagawa ng naaangkop na pamamaraan upang maibsan ang bigat ng pinsalang naidulot sa kapaligiran, ekonomiya, sosyal, kultural o espirital.

Artikulo 33

1. Ang mga katutubo ay may karapatan na magtakda ng pagkakakilanlan o kasapian na naaayon sa kanilang kaugalian at tradisyon. Ito ay hindi makakapahina sa karapatan ng bawat indibidwal na katutubo na makakuha ng pagkamamamayan ng Estado na kanilang kinabibilangan.

2. Ang mga katutubo ay may karapatan na itakda ang estruktura at pumili ng kasapian ng kanilang mga institusyon na naaayon sa kanilang sariling pamamaraan.

Artikulo 34

Ang mga katutubo ay may karapatan na isulong, paunlarin at panatilihin ang mga estruktura ng kanilang institusyon at natatanging kaugalian, espiritalidad, tradisyon, pamamaraan, kagawian at, kung mayroon, sistemang hukom o kaugalian, na naaayon sa internasyonal na pamantayan ng karapatang pantao.

Artikulo 35

Ang mga katutubo ay may karapatan na itakda ang tungkulin ng bawat indibidwal sa kanilang komunidad.

Artikulo 36

1. Ang mga katutubo, lalo na ang mga nahahati ng mga internasyonal na hangganan, ay may karapatan na panatilihin at paunlarin ang mga pakikitungo, relasyon at pakikipagtulungan, kabilang ang mga gawain pang-espiritwal, kultural, pulitikal, ekonomiya at panlipunang layunin, sa kanilang mga kasapi kabilang ang mga tao na nasa kabilang hangganan.

2. Ang mga Estado, sa pamamagitan ng pakikipagsangguni at pakikipagtulunga sa mga katutubo, ay magsasagawa ng mabisang paraan upang maayos na maisagawa at matiyak ang pagpapatupad ng karapatang ito.

Artikulo 37

1. Ang mga katutubo ay may karapatan sa pagkilala, pagtalima at pagpapatupad ng mga tratado, mga kasunduan at iba pang makabubuting balakin na napagkasunduan ng mga Estado o kanilang kahalili at magkaroon ng Estadong dangal at paggalang sa mga naturang tratado, mga kasunduan at iba pang makabubuting balakin.

2. Wala sa deklarasyong ito na may kahulugan na pagmamaliit o pag-alis sa karapatan ng mga katutubo na nakapaloob sa mga tratado, mga kasunduan at iba pang makabubuting balakin.

Artikulo 38

Ang mga Estado, sa pamamagitan ng pakikipagsangguni at pakikipagtulunga sa mga katutubo, ay magsasagawa ng nararapat na hakbang kabilang ang mga lehislatibong pamamaraan, upang makamantan ang layunin ng Deklarasyong ito.

Artikulo 39

Ang mga katutubo ay may karapatan na makakuha ng tulong pinansyal at teknikal mula sa mga Estado at sa pamamagitan ng internasyonal na pakikipagtulungan, upang makamantan ang mga karapatang napapaloob sa Deklarasyon ito.

Artikulo 40

Ang mga katutubo ay may karapatan na makakuha ng impormasyon at maagap na desisyon sa pamamagitan ng makatarungan at patas na pamamaraan sa pagpapasya ng mga hidwaan at pagtatalo sa mga Estado o ng iba panig, kabilang na ang mga mabisang panlunas sa lahat ng paglabag sa kanilang mga indibidwal at kolektibong karapatan. Ang desisyong ito ay dapat na mabigyan ng nararapat na pagsasaalang-alang sa kaugalian, tradisyon, batas at ligal na sistema ng mga kinauukulang katutubo at internasyonal na karapatang pantao.

Artikulo 41

Ang mga sangay at natatanging ahensya ng sistema ng United Nations at iba pang organisasyong intergobernal ay tutulong upang lubos na maipatupad ang mga itinatadhana ng Deklarasyong ito sa pamamagitan ng pagpapakilos, kabilang na, ng pinansyal na kooperasyon at teknikal ng tulong. Magsasagawa ng iba't ibang pamamaraan upang matiyak ang pakikilahok ng mga katutubo sa mga isyung makakaapekto sa kanilang buhay.

Artikulo 42

Isusulong ng United Nations, ng mga sangay nito, kabilang ang Permanent Forum on Indigenous Issues, at mga natatanging ahensiya, kabilang ang mga nasa pambansang antas, at mga Estado, ang paggalang at lubos na pagpapatupad sa mga itinatadhana ng Deklarasyong ito at susubaybayan ang pagkamabisa ng Deklarasyong ito.

Artikulo 43

Binubo ng mga karapatan na kinikilala rito ang batayang pamantayan para sa kaligtasan, dangal at kagalingang pantao ng mga katutubo sa buong mundo.

Artikulo 44

Ang lahat ng karapatan at kalayaan na kinikilala rito ay tinitiyak na pantay sa lalaki at babae na katutubong indibidwal.

Artikulo 45

Wala sa Deklarasyong ito na maaaring pakahulugan na pagbawas o pagpatay sa mga kasalukuyang karapatan ng mga katutubo, o mga karapatang maaari nilang makuha sa panghinaharap.

Artikulo 46

1. Wala sa Deklarasyong ito na maaaring ipakahulugan na nagpapahiwatig sa alinmang Estado, mga tao, grupo o tao ng anumang karapatan na magsagawa ng anumang gawain o hakbang na sumasalungat sa Charter ng United Nations o may kahulugang nagbibigay kapangyarihan o nanghihimok ng ano mang kilos na maghihiwalay o makakapinsala, sa kabuuan o bahagi, ng integridad ng teritoryo o pampulitikang pagkakaisa ng mga malaya at nagsasariling mga Estado.

2. Igagalang ang karapatang pantao at pangunahing kalayaan sa paggamit ng mga nabanggit na karapatan sa Deklarasyong ito. Ang mga karapatang itinatakda ng Deklarasyong ito ay sasailalim

lamang sa limitasyong itinatakda ng batas, at naaayon sa obligasyon ng internasyonal na karapatang pantao. Ano mang limitasyon ay nararapat na walang pagkiling at kailangan lamang sa layuning titiyaking naaangkop ang pagkilala at paggalang sa mga karapatan at kalayaan ng iba at sa pagkamit ng makatarungan at masidhing pangangailangan ng isang demokratikong lipunan.

3. Ang mga itinatadhana sa Deklarasyong ito ay uunawain ayon sa prinsipyo ng katarungan, demokrasya, paggalang sa karapatang pantao, pagkapantay-pantay, walang diskriminasyon, maayos na pamamahala at adhikain.